

Higit pang pera para sa aktibong pakikilahok na pag-aaral

Marso 28, 2025 [Mga pagtatanong ng media](#)

Ang pamahalaan ng Alberta ay tinutulungan ang mga mag-aaral na matuklasan ang kanilang mga kasanayan at mga interes ngayon, upang matulungan silang makahanap ng mga karera para sa kinabukasan.

Kung maipasa, ang Badyet 2025 ay magbibigay ng higit sa \$100 milyon sa loob ng tatlong taon para sa mga lupon ng paaralan na palaguin ang mga programang pang-edukasyon sa karera, kabilang ang pagpopondo para sa mas maraming akademiko at dalawahang kredito na mga programa sa buong Alberta.

"Kami ay nagsusumikap upang itakda ang mga mag-aaral para magtagumpay sa pamamagitan ng pagpapalakas ng edukasyon na nakatuon sa trabaho. Ang perang ito ay tumutulong sa mga paaralan na makipagsosyo sa mga negosyo, mga unibersidad at mga kolehiyo upang lumikha ng mga programa na tutulong sa mga mag-aaral na magsimula pagkatapos nilang pagtatapos."

Demetrios Nicolaides, Ministro ng Edukasyon

Ang edukasyon sa karera ay tumutulong sa mga mag-aaral na makakuha ng mga kredito patungo sa pagtatapos habang nakakakuha ng aktibong pakikilahok na karanasan sa mga larangan tulad ng mga kalakalan, programa sa kompyuter, pangangalaga sa kalusugan, agrikultura, mga sining sa pagluluto at higit pa. Sinusuportahan nito ang mga programa sa edukasyon sa karera ang isang malakas na ekonomiya sa pamamagitan ng pagtulong sa mga mag-aaral na matutunan ang mga kasanayang kailangan nila upang makakuha ng mga may mataas na pangangailangang trabaho.

Mga kolehiyong paaralan

Ang mga kolehiyong paaralan ay nakikipagtulungan sa mga negosyo, mga unibersidad at mga kolehiyo upang mag-alok ng mga klase na nagbibigay sa mga mag-aaral ng mga landas sa edukasyon at mga karera sa trabahong kanilang pinili. Mayroong 12 mga kolehiyong paaralan sa Alberta, na nag-aalok ng maraming iba't ibang uring programa para sa mga baitang 7 hanggang 12, kabilang ang abyasyon, grapiko na disenyo, mga kalakalan at higit pa.

Kung maipapasa, ang Badyet 2025 ay nagbibigay sa mga lupon ng paaralan ng higit sa \$21 milyon upang tumulong na pondohan ang mga espesyal na silid-aralan tulad ng mga workshop ng pagkakarapintero, mga silid ng pelikula at media, mga laboratoryo ng agham, mga mabibigat na kagamitang gumagaya [simulator] at mga garahe ng sasakyang panghimpapawid. Ang isa pang \$6 na milyon ay pinamumuhunan upang suportahan ang mga gastos sa pagsisimula para sa mga bagong kolehiyong paaralan.

Mga dalawahang kreditong programa

Ang Badyet 2025, kung maipapasa, ay nagbibigay din ng \$4.6 na milyon sa 2025/26 upang magsimula ng bago o pabutihin ang mga kasalukuyang dalawahang kreditong programa. Sa pakikipagtulungan sa mga unibersidad at mga kolehiyo, binibigyan ng mga dalawahang kreditong programa ang mga mag-aaral ng isang maagang pagsisimula sa mga kapaki-pakinabang na karera sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa kanila na makakuha ng mga kredito sa mataas na paaralan at post-sekundarya sa parehong oras. Sa \$4.6 milyon, ang \$550,000 ay ibinibigay ng mga Nakatatanda ng Alberta, mga Serbisyong Pangkomunidad at Panlipunan para sa bago at pinahusay na mga dalawahang kreditong programa ng tulong sa pangangalagang pangkalusugan.

“Ang mga tulong sa pangangalagang pangkalusugan ay gumaganap ng isang kritikal na papel sa pagtitiyak na ang mga Albertan ay makakatanggap ng patuloy na mga serbisyo sa pangangalaga na kailangan nila upang mapanatili ang kanilang kalusugan, kalayaan at kalidad ng buhay. Ang aming mga pamumuhunan sa mga landas ng karera para sa mga katulong sa pangangalagang pangkalusugan ay magbibigay ng mga pagkakataon para sa mga batang Albertan na bumuo ng mga

kasanayang kailangan nila upang bumuo ng isang kapaki-pakinabang na karera sa patuloy na manggagawa ng pangangalaga ng Alberta."

Jason Nixon, Ministro ng mga Nakatatanda, mga Serbisyong Pangkomunidad at Panlipunan

Ang isa pang \$1.4 milyon ay pinamumuhunan upang suportahan ang mga mag-aaral na lumalahok sa mga programang pang-edukasyon sa karera sa labas ng kampus sa pamamagitan ng CAREERS. Ang hindi-pangkalakang ito ay ikinokonekta ang mga mag-aaral sa mga trabaho na nasa mataas na nangangailangang mga larangan, tulad ng mga kalakalan, teknolohiya, kalusugan, kagubatan at agrikultura.

Tinutugunan ng Badyet 2025 ang hamon na kinakaharap ng mga komunidad ng Alberta na may patuloy na pamumuhunan sa edukasyon at kalusugan, mas mababang buwis para sa mga pamilya at pagtutuon sa ekonomiya.

Mabilis na mga katotohanan

- Kung maipasa, ang Badyet 2025 ay mamumuhunan ng \$102.4 milyon sa loob ng tatlong taon upang magbigay ng pagpapanatili, mahuhulaang pagpopondo sa edukasyon sa karera, at para madagdagan ang pagkuha ng edukasyon sa karera para sa mga mag-aaral ng Alberta.
 - Kasama dito ang \$8.4 milyon sa 2026-27 at 2027-28 upang itaas ang kamalayan ng mga mag-aaral at mga pamilya sa mga programa at mga landas sa edukasyon sa karera na magagamit ng mga mag-aaral sa Alberta.
- Ang edukasyon sa karera sa Alberta ay kinabibilangan ang mga kurso sa karera at teknolohiya, Pangangasiwa ng Karera at Pamumuhay [Career and Life Management (CALM)], mga kursong may dalawahang kredito, mga kolehiyong paaralan, mga pag-aaprentis at programa sa edukasyon sa labas ng kampus.
- Mula noong 2013, higit sa 95,000 mga mag-aaral sa mataas na paaralan ang lumahok sa hindi bababa sa isang dalawahang kreditong kurso.
- Sa tagsibol ng 2025, makikipag-ugnayan ang Edukasyon ng Alberta [Alberta Education] sa mga kasosyo sa edukasyon sa mga pinakamahuhusay na kagawian upang magdala ng mas maraming pagkakataon sa edukasyon sa karera sa mga mag-aaral.

- Mula noong 2022, ang mga kasosyo sa edukasyon at halos 5,000 mga Albertan ay nagbigay ng kanilang katugunan sa edukasyon sa karera at mga pangangailangan sa trabaho.

Kaugnay na impormasyon

- [Dalawahang kredito - Pagpopondo sa pagsisimula para sa mga awtoridad ng paaralan](#)
- [Dalawahang kredito – Pagpapahusay ng pagpopondo para sa mga awtoridad ng paaralan](#)
- [Grupo ng Pagpapayo sa Pagsusuri ng Dalawahang Kredito](#)
- [Mga kolehiyong paaralan](#)

Kaugnay na balita

- [Ang edukasyon sa karera ay nagbibigay kapangyarihan sa kinabukasan ng mga mag-aaral](#) (Nobyembre 20, 2024)
- [Pagbibigay sa mga mag-aaral ng maagang pagsisimula sa merkado ng trabaho ng Alberta](#) (Hunyo 5, 2024)
- [Paggalugad sa modelo ng edukasyon sa karera ng Alemanya](#) (Hunyo 6, 2024)

Multimedia

- [Panoorin ang kumperensya ng balita](#)

Mga pagtatanong ng media

Garrett Koehler

780-427-5010

Kalihim ng Press, Edukasyon